BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Ang ikalawang taunang Programa sa Hardin sa Likod-Bahay ng Brampton ay nagbibigay ng halos 3,175 kilong ani bilang suporta sa seguridad ng pagkain para sa mga residente




BRAMPTON, ON (Oktubre 28, 2021) – Ang ikalawang taunang Programa sa Harden sa Likod-Bahay (Backyard Garden Program) ng Lungsod ng Brampton ay kumpleto na ngayon, na may 3,150 kilo ng ani na ibinigay sa mga residenteng nangangailangan mula Abril hanggang Oktubre 2021.

Ang Programa sa Hardin sa Likod-Bahay, na pinamumunuan ng Konsehal ng Lungsod na si Doug Whillans, at pina-facilitate ng sangay ng Parks Maintenance at Forestry ng Lungsod, ay inilunsad nong Abril 2020, bilang unang programa sa uri nito sa Canada, bilang tugon sa COVID-19. Ito ay isang ekstensyon ng umiiral na programa sa mga Hardin sa Komunidad ng Lungsod.

Ang programa ay nagbibigay ng mga mapagkukunan ng pagkain para sa Task Force ng Mayor sa Panlipunang Suporta sa COVID-19, na nagpapadali sa kailangang mga panlipunang suporta para sa mga komunidad na matinding apektado ng pandemya.

Bukas sa lahat ng residente ng Brampton, ang programa ay nagsuplay sa mga residente ng lupa, mga pakete ng butil, at payo sa pagpapatubo para sa kanilang mga bagong hardin. Mula Abril hanggang Oktubre, ang mga residente ay nagpalaki ng kanilang sariling mga hardin sa likod-bakay, na ang ilan ay hinahawakan ang kanilang ani at ang iba naman ay dino-donate sa mga lokal na food bank at mga samahan ng komunidad, kabilang ang Knights Table, Regeneration, Lifting the Fallen Pentecostal Church/Iglesia Pentecostal Levantando Al Caido, at Heart Lake United Church's Community Cupboard.

Bukod pa sa pagbibigay ng mga donasyon ng sariwang ani, itong nakakabuti sa kapaligiran na inisyatiba ay humikayat sa mga residente na manatiling aktibo sa panahon ng COVID-19, at sumuporta sa kalusugan ng isip ng mga Bramptonian sa pamamagitan ng pagbibigay ng aktibidad sa bahay. Ito ay isang pagkakataon para sa unang beses na mga hardinero/hardinera na matuto tungkol sa paghaharden at subukan ang bagong hobby.

Nagpapasalamat ang Lungsod ng Brampton sa mga tagasuporta nito na Scotts Canada Limited, Mattamy Homes, Great Gulf, Paradise Developments, TACC Holborn Corporation, at Fieldgate Developments para sa paggawang posible ng programang ito.

Nagpapasalamat din ang Lungsod sa Brampton Horticultural Society at sa Chinguacousy Garden Club sa pagbibigay ng mga tip sa paghahardin para sa buwanang Backyard Garden Club e-newsletter.

**2021 programa batay sa mga numero**

- 2,793 kalahok na ang bawat isa ay nakatanggap ng limang bag ng lupa at tatlong pakete ng mga butil.
- Sa kabuuan 13,980 bag ng lupa at 8,379 pakete ng butil ang nai-donate.

**Mga Quote**

"Excited kaming ianunsyo na ang panglawang taunang Programa sa Hardin sa Likod-Bahay ng Brampton ay nakapagbigay ng halos 3,175 kilong ani para sa mga residenteng nangangailangan. Ang programang ito ay ang una sa uri nito sa Canada nang inilunsad ito noong nakaraang taon sa panahon ng pandemya, at nahikayat ng Brampton ang mga lungsod sa malapit at malayo man. Salamat kay Konsehal Whillans sa kanyang napakahusay na pamumuno, sa ating mga tagasuporta, at sa bawat isa na nagtanim at nag-donate ng ani para mapagaan ang presyur sa mga food bank ng ating komunidad, lalo na sa panahong ito."

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Ang ikalawang taunang Programa sa Hardin sa Likod-Bahay ng Brampton ay isang malaking tagumpay! Libo-libo sa mga residente ang nakatanggap ng mga butil at lupa para patubuin ang kanilang sariling produkto, at ibinigay para suportahan ang ating komunidad. Ang programang ito ay sumusuporta sa kalusugan at kabutihan ng mga residente, at sa mga luntiang inisyatiba ng Lungsod. Salamat sa lahat na sumali sa programa sa taon na ito."

- *Doug Whillans, Chair, Programa sa Hardin sa Likod-bahay; Konsehal ng Lungsod Wards 2 at 6; Miyembro, Environment Advisory Committee; Miyembro, CEERP Community Task Force, Lungsod ng Brampton*

"Ang staff ng Lungsod ay dedicated sa pagpapatupad sa Programa sa Likod-Bahay ng Brampton at pagtugon sa seguridad ng pagkain sa ating komunidad. Ang Brampton ay isang Luntiang Lungsod, at

committed tayo sa pagbibigay sa mga residente ng pagkakataon para manatiling malusog, aktibo, at sustenable."

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

"Ang Regeneration's Marketplace (food bank) ay labis na nagpapasalamat sa Programa sa Hardin sa Likod-Bahay ng Brampton dahil nagsusuplay ito ng sariwang ani sa mga nangangailangan sa ating komunidad."

- *Ted Brown, CEO, Regeneration Outreach Community*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca